# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 31 | July 5-11,2021 | P 10.00 | ISSN No.: 2672-3034




**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*

# NCR PLUS MANANATILI PA RIN SA ILALIM NG GCQ WITH RESTRICTIONS LEVEL

Aprubado na kay Pangulong Rodrigo Duterte ang iminungkahing rekomendasyon ng IATF on COVID-19 ukol sa pagpapanatili ng mga lugar mula sa NCR Plus sa ilalim ng GCQ with restrictions level hanggang sa darating na Hulyo.

Matapos maisangguni sa Pangulo ng IATF ang nasabing rekomendasyon, agad na inaprubahan ng Pangulo ito nitong

**(cont. P.5)**



*Kabilang na ang pamilya ng mga healthcare worker (HCW) sa lungsod sa mga bibigyang prayoridad sa pagbabakuna kontra COVID-19.*

*Ayon kay Mayor Gemma Buendia-Lubigan, sisimulan ang pagbabakuna para sa mga immediate family member ng mga medical worker bilang bahagi ng Priority Group A1.*

*Kinakailangan laman nilang magdala ng sertipikasyon na may lagda ng kanilang healthcare worker na kaanak kasama ang isang valid ID sa araw ng kaukulang schedule ng pagbabakuna.*

## Cavite free wifi, aprubado na ni Gov. Jonvic Remulla



Bagamat pansamantalang nagnilay ang Gobernador ng Cavite na si Gov. Jonvic Remulla mula sa kamakailang isyung kaniyang pinagdaanan, hindi pa rin nahinto ang adhikain niyang makapaghandog ng serbisyo sa mga Caviteño.

"While my responsibilities are within the LGU and/or as Governor, that does not mean I cannot fight for national issues that also affects the people of Cavite. Meanwhile, here are some of the things I have been working on the past month. I shall report to all of you again in the next few days." ayon kay Gov. Remulla.

Kaugnay nito ang pagpirma niya sa kontrata ng Cavite Free Wifi para sa naturang probinsiya.

Ito ay sa ilalim ng kasunduan ng

**(cont. P.4)**


## Labanan ang "Upcasing" Maging ASTIG!

Ang "upcasing" ay pakikipagsabwatan ng mga duktor at pasilidad sa pasyente para madeklara ang simpleng sakit sa mas malalang klasipikasyon nito para makakuha at makasingil ng mas mataas na benepisyo sa PhilHealth.

Ito ay isang uri ng health insurance fraud na maituturing na isang krimen na may karampatang multa at kaparusahan na pagkabilanggo.

**A** Alamin ang karapatan mo bilang miyembro.
**S** Suriin ang statement of account at kumpirmahin ang mga detalyeng nakuha
**T** Tanungin ang duktor
**I** I-report kung may kaduda-dudang gawain
**G** Gawin ito ng tama. Maglakip ng karampatang ebidensya.


PAANO IRE-REPORT?

- Pumunta sa pinakamalapit na tanggapan ng PhilHealth sa inyong lugar
- Mag-email sa mga sumusunod:
  - whistleblower@philhealth.gov.ph; actioncenter@philhealth.gov.ph; opceo@philhealth.gov.ph
- Sumulat sa Office of the Corporate Secretary, Room 1711, 17th Floor Citystate Centre, 709 Shaw Boulevard, Pasig City
- Tumawag sa (02) 8441-7442
- Magtext sa Callback Channel 0921-6300009
  - Text: "PHIC callback <space> iyong mobile number o Metro Manila landline <space> detalye ng iyong concern"

**Panagutin ang mga nananamantala. Protektahan ang pondo dahil 'yan ay responsibilidad mo bilang miyembro!**

PhilHealth
Your Partner in Health

UNIVERSAL HEALTH CARE




*Patuloy ang pagpapasinaya ni Naic Mayor Junio Dualan sa mga natapos na pagawain ng Lokal na Pamahalaan. June 25, 2021 ay opisyal na binuksan ang Barangay Hall ng Barangay Bancaan at bagong Tennis Court kasama ang inyong lingkod Mayor Junio Dualan at ang kanyang matalik na kaibigan na si Congressman Bambol Tolentino. Nakatutuwa po na buo ang suporta ng ating mga kababayan upang maisakatuparan natin ang ating hangarin na paunlarin pa ang ating bayan ng Naic.*






**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# Pagsubok

1) May mga panahong lahat nakabitin,
Lahat naghihintay ng resultang hiling,
Panahong ganito'y tiyempong alanganin,
Puno ng pangamba at alalahanin.

2) May ugali naman itong isang tao,
Kapag may problema'y ililipat ito,
Alam niyang ang lutas ay wala sa tiyempo,
Kaya gawa'y iba't nililihis ang akto.

3) May ibang ugali akong sasabihin,
Kapag nakabitin sa resultang hiling,
Iinom ng alak saka lulunurin
Ang mga pangambang di kayang lutasin.

4) Dito makikita ang lakas ng loob,
Saka kakayahang tumawid sa agos,
Ang taong may tapang paglaban ang sagot,
Ang taong mahina pagsuko't matakot.

5) Kung pag-aaralan mga bagay-bagay,
Malaking pagsubok itong ating buhay,
May nais ituro ang ating Lumalang,
Sa mga pagsubok ito idadaan.

6) Ang lahat ng tao ay may takdang misyon,
At dapat umaksyon paayon sa gayon,
Gamit ay talento at ang bagong dunong
Mula sa pagsubok na bigay ng Poon.

7) Tao'y sinusubok sa pakonti-konti,
Unti-unting dunong palapit sa mithi,
Anupa't sa tagal doon masusuri,
Malaki na palang bahagi'y nabawi.

8) Kaya ang marapat at tamang pagtanggap
Sa mga pagsubok ay magpasalamat,
Dito makakamit ang dunong na hanap
Nang tayo'y sumulong saka pumanatag.

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph
Est. 2019

| | | |
|---|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = | Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = | Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = | Php 200.00 |

# Botika on wheels, sinimulan sa bayan ng GMA




Opisyal na sinimulan sa General Mariano Alvarez ang Botika On Wheels (BOW) para sa mga senior citizens ng bayan nitong Martes, Hunyo 29.

Sa ilalim ng naturang proyekto, mag-iikot ang mga kawani ng health office ng bayan upang makapagbigay ng libreng check-up at bitamina sa mga mamamayan.

Nagsagawa ng maliit na 'Launching Activity' ang LGU sa sa Brgy. San Gabriel Covered Court, na dinaluhan ng mga Punong Barangays at ilang opisyales bayan sa pangunguna ni Acting Mayor Maricel E. Torres.


Nagpaabot naman ng pasasalamat ang LGU kay Cavite Governor Jonvic Remulla sa suporta nito upang maisakatuparan ang proyekto.

# DTI 4-A awards Safety Seal Certification to seven Puregold branches in Batangas

The Department of Trade and Industry Region 4-A awarded Safety Seal Certifications to seven Puregold branches in Batangas: New Market, Batangas City; Calicanto, Batangas City; Lipa City; Rosario; San Juan; City of Sto. Tomas; and Tanauan on June 23, 2021.

The Safety Seal Certification Program is an Inter-Agency Task Force's response to assure the public of establishments' compliance with minimum public health standards and encourage the adoption of the StaySafe.ph digital contact tracing application to strengthen the contact tracing initiative of the government so that the economy may be safely reopened.

"Safety Seal is only voluntary. This is not mandatory for continued operation.



However, we would like to encourage business establishments to acquire this seal because through this,we, as consumers, and the employees in these establishments are guaranteed that we are safe and protected from COVID-19," said DTI CALABARZON Director Marilou Q. Toledo.

The DTI is the issuing authority of the seal for groceries, supermarkets, membership shopping clubs, convenience stores, construction supply/ hardware stores, logistics service providers (outlets), barbershops, salons, and service and repair shops. The safety seal is free; it is renewable and valid for six (6) months from the date of issuance.

According to DTI Batangas OIC-Provincial DirectorLeila M. Cabreros, applicants need to submit a valid Mayor's permit, compliance with minimum public health standards, and registration with StaySafe.ph to obtain the seal. If the establishment is found non-compliant, the establishment shall be issued with a Notice to Explain (NTE). Failure to comply with the protocols in question in the NTE shall result to the revocation of the Safety Seal.

Meanwhile, Puregold Price Club, Inc. Regional Manager Rita Bianca C. Tacorda promised that these branches will continue to be compliant to keep their certifications.

"I would like to commend the efforts of establishments like Puregold to provide unparalleled service while having customer safety in mind. This certainly speaks volume about your commitment to make safe and excellent service to your customers," delivered by Mr. Erick Anthony A. Sanohan as representative of Batangas City Mayor Beverly Rose A. Dimacuha in her congratulatory message.

To apply for the Safety Seal, visit https://www.dti.gov.ph/safetyseal/and secure a Safety Seal checklist and perform self-assessment. Submit the accomplished checklist and wait for the scheduled inspection. **(MIA CORTEZ)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 19**
**CITY OF BACOOR**

**IN RE: PETITION FOR REISSUANCE OF THE OWNER'S COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (057-2011013712) 167-2016003140**

**LRC 8843 2021-16**

**HOUSEHOLD DEVELOPMENT CORPORATION, as represented by KRISTOFER DAN C. MEDALLO,**
Petitioner.
x-----------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioner through counsel for the reissuance of the Owner's Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-2011013712) 167-2016003140 on the grounds alleged therein.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on **July 30, 2021 at 8:30 in the morning**, in this Court, on which date and hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite.

Let a copy of this Notice and that of the Petition be furnished the Office of the Solicitor General, Makati City and the Register of Deeds of Bacoor, Cavite and Register of Deeds for the Province of Cavite and be posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in Bacoor City where the property is located.

WITNESS THE HONORABLE ARNEL G. ESPIRITU, Assisting Judge of this Court this 26th day of February 2021 at Bacoor City, Cavite.

**(Sgd.) ROSELLE ANNE B. CATIPAY**
Assisting Branch Clerk of Court

ce:

**ROSERO LAZARO SABILLO & CARINO LAW OFFICES**
Vista Corporate Center, Upper Ground Floor, Worldwide Corporate Center, Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**KRISTOFER DAN C. MEDALLO**
3rd Floor Camella Center Right Wing Starmall Building Alabang Muntinlupa City

**REGISTRY OF DEEDS**
Bacoor City, Cavite

**REGISTRY OF DEEDS**
Trece Martires City, Cavite

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo Street, Legazpi Village, Makati, Kalakhang Maynila

**HUMANITY NEWS**
**July 5, 12 & 19, 2021**

# Hontiveros sa BIR: Suspindihin na ang regulasyon na nagpapataw ng 25% na buwis sa mga pribadong paaralan

Nanawagan si Senador Risa Hontiveros sa Bureau of Internal Revenue (BIR) na agad na suspindihin ang revenue regulation na nagpapataw ng 25% na buwis sa mga pribadong paaralan.



Sinabi ng senador na ini-report ng Coordinating Council of Private Educational Associations of the Philippines (COCOPEA) sa kanyang tanggapan na ang 25% na buwis na ipinahayag sa ilalim ng Revenue Regulation 05-2021 ay patuloy na ipinatutupad.

"Dadami ang magsasarang paaralan at tataas ang bilang ng mga estudyanteng magdro-dropout kung hindi maiwasto ng BIR ang kanilang regulasyon. Ang edukasyon sa bansa ay serbisyo na kinakailangan protektahan para sa kinabukasan ng ating

**(cont. P.4)**

*Pagbati Mula kina:*



Coun. Vince Amposta
*Imus City, Cavite*



Coun. Tito V. Monzon
*Imus City, Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**ALEXANDER THE GREAT** - *Siya ay isang Griyego na sumakop sa Persia, Afghanistan, bahagi ng India, Syria, Ehipto at Mesopotamia. Namatay siya sa gulang na 32 taon.*



## LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA

*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**TATYAO -** Ang Tatyao , Silang ay nayon na ipinangalan sa isang bagong sibol na lalaking manok na tandang.

## Hontiveros sa BIR: Suspindihin na ang regulasyon na nagpapataw ng 25% na buwis....

(from p. 3)

kabataan. Let's extend these private schools the lifeline they urgently need. Dapat aksyunan na ito ng BIR ngayon," sabi ni Hontiveros.

"Bilang solo mom na nagtustos ng pag-aaral ng aking apat na anak mula sa grade school hanggang sa kolehiyo, alam ko ang hirap ng pagbayad ng tuition fee, at mas lalong mahirap sa panahon ng pandemya. Ang aking pangamba ay kung ganyan kataas ang buwis na ipapataw sa mga paaralan, baka mapasa ito sa mga magulang na nagkakanda kuba na sa mga gastusin ng pang-araw na araw," dagdag ng senador.

Ayon sa COCOPEA, mahalaga na agad na maalis ang regulasyon dahil ang ilan sa kanilang miyembro ay kinukwestiyon dahil sa pagkuha nila ng preferential tax rate na 10% batay sa Sec. 27 B ng National Internal Revenue Code. Sinabi din ng samahan na inoobliga ng Legal Division ng ilang mga panrehiyong tanggapan ng BIR ang mga private schools na magpakita ng kopya ng isang desisyon ng BIR na nagkukumpirma na kasama sila sa 10% na tax rate.

"Inaanyayahan ko ang BIR na malinaw na mag-isyu ng isang pagpapasya na nagbibigay karapatan sa mga pribadong paaralan sa 10% na preferential tax rate, at ang 1% na tax rate sa loob ng tatlong taon dahil sa pandemya. Malupit na magpataw ng ganito katalim na pagtaas sa gitna ng lumalalim na krisis sa ekonomiya. Sa panahon ngayon, dapat tinutulungan natin silang manatiling buhay, hindi yung sinisipa pa silang pababa, " sabi ni Hontiveros.

Si Hontiveros ay kapwa may-akda ng Senate Bill 2272, na naglalayong malinaw na isama ang mga proprietary institutions sa tax benefit. Gayunman, sinabi ng senadora na pinakamahalaga na kaagad na malinaw ng BIR ang pagsasama ng mga pribadong paaralan sa 10% na tax rate bago pa man maisabatas ang SB 2272.

"Bawat oras na hindi nalilinaw ang regulasyon ito, may mga empleyado, guro, at estudyante na matinding maapektuhan. Umaksyon na ang BIR bago pa matuluyang magsara ang mga paaralan. Ang mga paaralan ay mga gateway sa isang mas magandang buhay at kung hindi natin maprotektahan ang mga ito, hindi natin mabibigay ang pangako ng mas magandang kinabukasan para sa maraming mga Pilipino," pagtatapos ni Hontiveros. #####

## EDITORIAL

Ang mga problema ng bansa ay may ugat na buhat sa ating pagiging isang bansang naghahangad ng Economic Development nguni't marami sa mga tao ay ugma lamang sa paghahanap buhay at di pa handa sa pagnenegosyo. Ang paglago ng populasyon ay humihila sa mga pondo ng bayan na sa halip na magamit sa inprastruktura ay napapalagay sa dagdag na gastos sa edukasyon, kalusugan at kawanggawa.

Makakaraos din tayo . Ang kailangan lang ay magtulong-tulong tayo sa paglutas ng problema at umagapay sa ating Gobyerno.





***Personal na iniabot ni Cavite DILG Provincial Director, Lionel Dalope, sa Bayan ng Rosario ang Plake ng Pagkilala sa matagumpay na pagsisikap ng Lokal na Pamahalaan ukol sa kampanya nito kontra illegal drugs. Katuwang ang lokal ng DILG, ang PNP, at ang MSWDO (bilang FOCAL anti-illegal drugs campaign at community-based rehabilitation program), nagpasalamat si Mayor Jose Voltaire V. Ricafrente, sa pagkilalang ito na opisyal na naigawad noong Disyembre 18, 2020.***

***Kasama si PLTCOL Ruther Saquilayan, MLGOO Evelyn Alvarez, Admistrator Tani Sabas, at MSWDO Excelda D. Tabisola sa pagtanggap ng nasabing pagkilala. Ang ating butihing Alkalde ay patuloy sa pagsuporta sa Pamahalaang Nasyonal para labanan ang bawal na gamot at mapanatiling drug-cleared ang lahat ng ating 20 barangay.***

## Cavite free wifi...

(from p. 1)

PLDT Enterprise at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.

"Napirmahan na ang kontrata ng #CaviteFreeWiFi para sa lalawigan. May kasunduan na po ang PLDT Enterprise at ang Province of Cavite. Ang mga detalye nito ay ilalahad ko sa FB Live next week," dagdag ng Gobernador.

Para sa karagdagang impormasyon, inaanyayahan ang mga ang mga residente ng probinsiya na mananatiling nakatutok para sa Facebok Live na ilulunsad ng Gobernador sa susunod na linggo.

Samantala, dagdag sa mga inaasikaso ng Gobernador kamakailan ang patuloy na koordinasyon ng Capitolio, Highway Patrol Group ng PNP at LTO para solusyonan ang overcharging at overcrowding sa mga PUB/PUJ, na nakatakda namang ilahad sa mga darating na araw.



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Newspaper - 59 BC
Spectacle - 1280
Soya - China
Tamarind - Africa
Niyog - bronchitis

# NCR plus mananatili pa rin sa ilalim ng GCQ...

(from p. 1)

Martes, Hunyo 29, na pinaniniwalaang magiging epektibo mula sa Huly 1 hanggang sa 15.

Inilapit rin ng Task Force ang paglalagay ng 21 lugar sa ilalim ng ikalawang mas pinaigting na lockdown level na modified enhanced community quarantine (MECQ) sa unang kalahati ng Hulyo.

Kaugnay nito, "paunang inaprubahan" raw umano ng Pangulo ang mga nasabing rekomendasyon, batay kay Spokesman Harry Roque.

Ibig sabihin nito, mayroon na lamang hanggang Martes ng gabi ang lokal na mga pamahalaan upang magpahatid ng kanilang apela sa naturang rekomendasyon at mula roon ay magkakaroon muli ng pagpupulong sa darating na Miyerkules upang maipasa ang pinal na rekomendasyon para sa darating na Hulyo.

Kabilang sa mga restrictions na mapapabilang ay ang 40 porsyentong kapasidad ng operasyon sa mga gyms, at 50 porsyentong limit naman sa mga indoor restaurant dining sa kalakhang Maynila, Bulacan at Rizal.

Samantala, mapapabilang naman sa "mas pinaigting na restrictions" ang probinisya ng Laguna at Cavite na posibleng malimitahan ang entertainment at recreational venues, amusement parks, traditional cockfights, contact at indoor sports, gayundin ang indoor tourist attractions.

Malilimitahan hanggang sa 30 porsyento ang mga kapasidad sa mga salon, parlor at beauty clinics sa Laguna at Cavite, habang ang mga indoor dining naman ay limitado hanggang sa 20 porsyento na lamang at maaari pa ring maitaas hanggang sa 30 porsyentong kapasidad kung mayroong naigawad na safety seal certification ang isang establisiyimento.

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**City of Bacoor**

**SOCIAL SECURITY SYSTEM,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 2021-44**
**For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage**

-versus-

**SPS. LEOPOLDO MOJICA and CORAZON MOJICA,**
Mortgagors.
x----------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **SOCIAL SECURITY SYSTEM**, of 2nd Floor, SSS Building, Balagtas Boulevard corner M. Paulino Street, San Pablo City, Laguna, and against the mortgagors, **SPS. LEOPOLDO MOJICA and CORAZON MOJICA,** of #19 Primerose St., Lot 19 Block 8 Perpetual Village II, Brgy. Malumot, Bacoor City, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 1, 2021, amounts to **TWO MILLION FIVE HUNDRED THIRTY EIGHT THOUSAND NINE HUNDRED EIGHTY NINE PESOS & 88/100 (P2,538,989.88),** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on **August 4, 2021 at 10:00** o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-234884**

"A parcel of Land (Lot 19 Blk. 8 of the cons. & subd. plan, Pcs-04-001448, being a portion of Lot 4737-A to 4737-J (LRC) Psd-219998, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Bo. of Malumot, Mun. of Bacoor, Prov. of Cavite. X x x containing an area of ONE HUNDRED TWENTY FIVE (125) SQUARE METERS."

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **August 11, 2021,** without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, June 21, 2021.

**(Sgd.) LIZA D. VICTA**
Clerk of Court VI

By:

**(Sgd.) DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV


**Copy Furnished:**

**SOCIAL SECURITY SYSTEM**
2nd Floor, SSS Building, Balagtas Boulevard corner M. Paulino Street, San Pablo City, Laguna

**Mr. & Mrs. LEOPOLDO MOJICA and CORAZON MOJICA**
#19 Primerose St., Lot 19 Block 8 Perpetual Village II, Brgy. Malumot, Bacoor City, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**HUMANITY NEWS**
**July 5, 12 & 19, 2021**



ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER

# 1,416 OF BLOOD BAGS COLLECTED IN CALABARZON DURING THIS YEAR'S BLOOD DONATION DRIVE



*The last leg of the blood donation drive led by DOH-CALABARZON Regional Voluntary Services Program held at the Tangulan Arena in Kawit, Cavite on June 25, 2021. A total of 1,414 blood bags were collected during the activity.*

This year's blood donation drive conducted in CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) by the Regional Voluntary Blood Services Program (RVBSP) in coordination with various partner agencies including the Alagang Kapatid Foundation, Iglesia ni Cristo and local government units of various provinces yielded a total of 1,415 blood bags and 9 platelet apheresis during the celebration of World Blood Donor Day from June 11-25, 2021.

A total of 225 successful blood donors donated their blood during the blood donation drive in the town of Mendez in the province of Cavite; 108 in Los Banos, Laguna; 81 in Tanay, Rizal; 189 in Camp Karingal, Quezon; 167 in Malvar, Batangas; 227 in General Trias, Cavite; 135 in Gumaca, Quezon; 209 in Calamba City, Laguna; and 73 successful blood donors contributed during the blood donation activity conducted at Hotel Sogo Cubao in Quezon City.

In support of the Department of Health's (DOH) mandate to provide adequate supply of safe and non-remunerated blood supply for patients needing blood products, the Regional Voluntary Blood Services Program regularly conducts blood and apheresis donation among its employees.

RVSP Coordinator Myla Velgado said that the routine conduct of blood donation helps ensure a sufficient and quality supply of blood products. "A bag of blood can save up to three lives. It is separated into platelets, plasma, red blood cells and white blood cells which can be given to at least three patients."

"Blood is free. Blood should be shared. Blood donation is the most humane gesture a person can do. And it is the simplest way to save a life," Velgado stated.

According to the World Health Organization, blood donation by 1% of the population is the minimum needed to meet a country's most basic requirements for blood.

"Let us continue saving lives by voluntarily donating our blood. It is the foundation of safe and sufficient blood supply," Velgado emphasized.



# CAVITE HIGHLIGHTS


By:
Yna Palparan Bautista

**Gen. Mariano Alvarez was 65 years old when the Phil. Revolution started. He was the incumbent Capitan Municipal of Noveleta at the time. He felt bad for the many abuses of the Spaniards so he joined the Katipunan in April 1895. It earned him the Presidency of the Magdiwang Council in Cavite. He relinquished the Presidency to Gat. Andres Bonifacio and took the title Pangalawang Haring Bayan. When Andres Bonifacio was executed, Mariano was so shocked that he withdrew fromthe Revolutionary Movement. He died on August 25,1924.**

# WALKING TOGETHER WITH BATA AND CHILDHAUS




Bata Philippines donated milk to indigent children with cancer at The Center for Health Improvement and Life Development (CHILD) Haus as part of its “Let’s Walk Together” campaign. It pledged 50 pesos for every pair worth 999 and above on Friday sales of August to September 2020. Photo shows Jeanette Cu of CHILD Haus and the children receiving the donation from Juris Soliman of SM Foundation and Arlyn Guanlao of Bata Philippines.**(KCHT)**




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-611-15**

-versus-

**RUSSEL C. DELA CRUZ**
Mortgagor/s.
x------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,** with business address at 12th Floor, JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City against the Mortgagor/s, **RUSSEL C. DELA CRUZ,** with residence and postal address at Lot 26, Block 11, Camachile Subdivision, Pasong Camachile, General Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of **14 August 2015** amounts to **TWO HUNDRED THIRTEEN THOUSAND THREE HUNDRED FORTY FOUR PESOS AND 90/100 (P213,344.90),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **August 26,2021** at 10:00 o’clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-1167970**

A parcel of land (Lot 26 Blk. 11 of the cons.-subd. plan Pcs-04-016688, being a portion of Lot 1949 of San Francisco de Malabon Estate, RS-04-002555, L.R.C. Rec. No. 5964 ), situated in the Brgy. of Pasong Camachile, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on the NE., along line 1-2 by lot 25; on the SE., along line 2-3 by lot 24, on the SW., along line 3-4 by Alley 19; on the NW., along line 4-1 by lot 28, all of the subd. plan. Beginning at a pt. marked “1” on plan x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQ. METERS xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 2, 2021** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, JUNE 15, 2021.

**(Sgd.) LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
12th Floor, JELP Business Solutions Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**RUSSEL C. DELA CRUZ**
Lot 26, Block 11, Camachile Subdivision
Pasong Camachile, General Trias, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial on or before the date of sale

**HUMANITY NEWS**
**June 21, 28 & July 5, 2021**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-952-16**

-versus-

**SPOUSES JESSIE B. BENITEZ**
**AND JELYN R. BENITEZ**
Mortgagors.
x------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 12th Floor, JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City against the Mortgagors, **SPOUSES JESSIE B. BENITEZ AND JELYN R. BENITEZ,** with residence and postal address at #22 CLAUDIO ST., PHASE 4-B, BAHAYANG PAG-ASA SUBDIVISION, IMUS, CAVITE, AND LOT 42, BLOCK 1, SUMMERFIELD SUBDIVISION, OSORIO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE to satisfy the mortgage indebtedness which as of **06 June 2016** amounts to **TWO HUNDRED TWENTY SEVEN THOUSAND FIVE HUNDRED THIRTY EIGHT PESOS AND 36/100 (P227,538.36)**, Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **August 26,2021** at 10:00 o’clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-92358**

A parcel of land (Lot 42 Blk. 1 of the cons.-subd. plan Pcs-04-023251, being a portion of the cons. of Lots 1-3, blk. 29; Lots 1-3, 5, 7 & 9, blk. 30; Lots 1-9, blk. 31; Lots 1-11, 13 & 15, blk. 32; lots 1-10, 12, 14 & 16, blk. 33; Lots 8, 10, 12 & 14, blk. 35; Lots 1-11, blk. 36 & Alley Lots 26-30 & 32, all of Pcs-04-012898, LRA Rec. No. ) , situated in the Brgy. of Osorio, City of Trece Martires, Is. of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 44, blk. 1 of the cons.-subd. plan; on the NE., along line 2-3-4 by Rd. Lot 4, Pcs-04-012898 (6.50 m.w.); on the SE., along line 4-5 by Lot 40; on the SW., along line 5-1 by Lot 43 both of blk. 1, both of the cons.-subd. plan. Beginning at a pt. marked “1” on plan x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQ. METERS xxx

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 2, 2021** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, JUNE 15, 2021.

**(Sgd.) LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
12th Floor, JELP Business Solutions Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**SPOUSES JESSIE B. BENITEZ**
**AND JELYN R. BENITEZ**
#22 CLAUDIO ST. PHASE 4-B BAHAYANG PAG-ASA SUBDIVISION, IMUS, CAVITE,
AND LOT 42, BLOCK 1, SUMMERFIELD SUBDIVISION, OSORIO, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial on or before the date of sale

**HUMANITY NEWS**
**June 21, 28 & July 5, 2021**

# MODERN WAYS TO WEAR FILIPINIANA AT KULTURA











A cropped terno top worn with slim silk pants . . . Art Deco inspired black embroidery on a white silk terno top and ruffled skirt . . . an exquisitely embroidered capelet over a red shantung silk gown . . . a playful inabelterno top with pineapple designs.

These are some of the Kultura Filipino's Modern Filipiniana designs for the contemporary Filipina. And you'll be amazed how the traditional Filipiniana attire has been transformed into inventive and exciting new looks.

The iconic butterfly sleeved terno gets a fresh new look worn with pants and other modern pieces. Natural materials like pinasilk and jusi are woven by local artisans into stylish pieces with exquisite hand painting and embroidery. Inabel fabric from the Ilocos region is updated with innovative designs.

In this time that intimate events and special occasions with health protocols are now allowed, make that moment memorable and meaningful and dress up with fashionable Modern Filipiniana and Barong Tagalog from Kultura.

The collection consists of both classic and modern silhouettes - tops, skirts and dresses that can be worn together or mix and match. Many of the pieces are embroidered or hand-painted by artisans in ourpartner communities of weavers, embroiderers, farmers andworkers, making each unique and a true labor of love.

Perfect for small intimate events and special occasions, the Modern Filipiniana and Barong Tagalog collection is available at Kultura Stores. You can also shop thru our website: www.kulturafilipino.com or thru Call to Deliver 09175174096. Kultura ships here and abroad. **(KCHT)**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
**FAMILY COURT**
BRANCH 5, TRECE MARTIRES CITY
fc1tmt0005@judiciary.gov.ph
09234824559

RE: APPLICATION FOR APPOINTMENT AS A NOTARY PUBLIC FOR TRECE MARTIRES CITY, TANZA AND CITY OF GENERAL TRIAS, PROVINCE OF CAVITE,

**TMNP-006-20**

**VANESSA Q. GARINGO,**
Petitioner.
x------------------------------------------------x

**NOTICE OF SUMMARY HEARING**

In view of the Order dated 26 January 2021, and upon submission of the updated requirements, notice is hereby given that a summary hearing on the petition for notarial commission of VANESSA Q. GARINGO shall be held on the 14th day of July 2021 at the Court Room of the Executive Judge, Family Court, Trece Martires City, Cavite at 9 o'clock in the morning.

Any person who has any cause or reason to object to grant of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

SO ORDERED.

Trece Martires City, Cavite, 28 June 2021.

**(Sgd.) FLORDELIZ CABANLIT FARGAS**
Executive Judge

**HUMANITY NEWS**
**July 5-11, 2021**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Chico bilang halamang gamot



*Sapota zapotilla Coville; Manilkara achras (Mill.) Fosberg*
*Common name: Chico (Tagalog), Sapodilla (Ingles)*

Ang chico ay isang kilalang prutas na karaniwang nakikita sa mga pamilihan sa maraming lugar sa Pilipinas. Paboritong kinakain ang bilugang bunga na may malambot at kulay brown na laman at may itim na buto. Kilala rin na ginagamit ang katas ng bunga nito sa paggawa ng alak. Ang puno nito ay tumutubo saan mang lugar sa kapuluan ng Pilipinas at sa ilan pang mga lugar na nasa rehiyong tropiko.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Chico?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang chico ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon ng chico ay may taglay na alkaloid, sapotin, fixed oil at iba pa.

Ang bunga naman ay mayroon ding sapotin. Taglay din nito ang saccharose, dextrose, at levulose.

Ang maitim na buto ay mayroon namang sapotin, saponin, achrassaponin, fixed-oil, at sapotinine

Ang balat ng kahoy ay makukuhanan ng sapotin, saponin, at tannin

Ang katas ng bunga nito ay mayaman naman sa mga asukal, protina, vitamin C, phenolics, carotenoids at mga mineral gaya ng iron, copper, zinc, calcium at potassium

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Balat ng kahoy (bark). Ang balat ng kahoy ay kadalasang inilalaga at ang pinaglagaan naman ay ginagamit bilang gamot.

Bunga. Ang bunga ay maaring kainin lamang o ibababad sa mantikilya bago lunukin.

Buto. Ang buto ay kinukuhanan ng langis at ginagamit din na panggamot. Maaari din itong durugin at ihalo sa tubig at pinapainom sa pasyente.

Dahon. Ang dahon ay kadalasang pinapakuluan at iniinom na parang tsaa.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Chico?**

1. **Pagtatae**. Ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ng buno ng chico ay pinaniniwalaang nakagagamot sa kondisyon ng pagtatae. Ang pagkain din sa bunga nito ay makatutulong din daw sa pagtatae o disinterya.
2. **Lagnat**. Epektibong nakakapagpababa ng lagnat ang ang inom sa pinaglagaan ng dahon ng chico. Gayun din ang pinaglagaan ng balat ng kahoy ng puno nito.
3. **Paglalagas ng buhok**. Nakatutulong naman ang langis mula sa buto ng chico sa pagpigil ng patuloy na pagkalagas ng buhok sa ulo.
4. **Problema sa pag-ihi.** Ang dinurog na buto ng chico na inihalo sa tubig ay makapagpapabuti sa problema sa pag-ihi kung iinumin.
5. **Mga sugat**. Ang paghuhugas ng sugat gamit ang pinaglagaan ng dahon ng chico ay epektobo daw sa mabilis na paggaling nito.
6. **Iritasyon sa mata.** Ang pinagkatasan ng buto ng chico ay mainam daw na panghugas sa iritasyon sa mata.
7. **Kanser at tumor**. Ayon naman sa ilang mga pag-aaral, ang katas balat ng kahoy, at katas ng bunga ng chico ay may epektong nakapagpapabagal sa progreso ng cancer cells at tumor sa katawan.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 31







*City of Dasmariñas Isa sa pinakamahusay na Lungsod ng Cavite.*

*Tinanggap ng Lokal na pamahalang pang lungsod sa pamumuno ni Mayor Jenny Barzaga ang Safety Seal Certificate na ginanap noong June 24'2021 Kasama Sina Local DILG Chief Charmaine Lopez, BFP Chief Inspector Jeffrey M. Atienza at PNP Chief Lt. Col Ruben Piquerro.Bilang pagsunod at implementasyon ng lokal na pamahalan talaga naman pinamalas ng Dasmariñas ang pagpapaigting ng Safety Protocols upang mas maiwasan ang pagdami at pagkalat ng nasabing Coronavirus. Kaya hinihikayat ng pamahalan at ni Mayor Jenny na ang lahat ng establisimento ay sumailalim at magpasa ng aplikasyon para sa safety seal certificate.*



"Prayoridad natin ang kapakanan at kaunlaran ng bawat isang Imuseño. Walang maiiwanan dahil sama-sama tayong babangon sa krisis na ito.

Naniniwala tayo na sa ating patuloy na pagkakaisa at pagtutulungan, ating maabot ang inaasam na kinabukasan."

**Mayor Emmanuel Maliksi**
City Government of Imus
June 30, 2021

*Sa kaniyang State of the City Address nitong Hunyo 30, ipinabatid ni Mayor Emmanuel Maliksi na patuloy na mag-iisip ng mas mabilis at mas maayos na mga programa ang kanilang lokal na pamahalaan para sa paglaban sa pandemya.*

*Aniya, "Prayoridad natin ang kapakanan at kaunlaran ng bawat isang Imuseño. Walang maiiwanan dahil sama-sama tayong babangon sa krisis na ito."*

*"Naniniwala tayo na sa ating patuloy na pagkakaisa at pagtutulungan, ating maabot ang inaasam na kinabukasan," papapatuloy ng alkalde,*

*Sa kasalukuyan ay nananawagan ang Imus LGU para sa direditsong pagbibigay alokasyon ng bakuna sa kanilang lungsod mula sa pamahalaan nasyonal.*









*Isinagawa noong June 28 ang blessing at inauguration ng General Trias City Park na matatagpuan sa Barangay San Juan I. Ito'y proyekto ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias na pinondohan ng National at Local Government.*

*Layon ng proyekto na magkaroon ng lugar kung saan makakapamasyal at makakapagehersisyo ang mga Gentriseño. Bukas ang liwasan mula 5AM hanggang 9PM. Dumalo kanina sa pagpapasinaya sina Cong. Jon-Jon Ferrer, Mayor Ony Ferrer, Vice-Mayor Morit Sison, Sangguniang Panlungsod Members at mga opisyal ng Barangay.*






# DO YOU KNOW ?

*The color of the blood is as seen on the distended vein but it turns red when oxidized in the open.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**